Ang pagluluwalhati [sa Allah] ay para sa mga kalalakihan at ang palakpak ay para sa mga kababaihan

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Ang pagluluwalhati [sa Allah] ay para sa mga kalalakihan at ang palakpak ay para sa mga kababaihan."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang kahulugan ng Hadith "Ang pagluluwalhati [sa Allah] ay para sa mga kalalakihan at ang palakpak ay para sa mga kababaihan." at sa salaysay ni Imam Muslim:(sa Pagdarasal) at ang kahulugan:Sinuman ang may gustong magpahiwatig ng mga bagay sa pagdarasal,nangangailangan na ipaalam sa iba ang mga bagay [na ito] mula sa pagbibigay babala sa Imam niya sa mga pagkakamali sa pagdarasal,O ang Panonood sa isang bulag na mahuhulog sa balon,o Pagpapaalam sa loob,O ang Pagnanais ng nagdadasal na ipaalam sa ibang kasamahan niya ang isang bagay,Sapagkat sa mga kalagayang ito at sa mga tulad pa nito,ay Magluwalhati [kay Allah]siya at sabihin niyang:" Napakamaluwalhati ni Allah": Upang maipa-unawa niya ang nais niyang ipagbigay-babala sa kanya,at ito ay nararapat sa mga kalalakihan,At ang babae kapag may gustong ipahiwatig na mga bagay sa pagdarasal niya,[Nararapat na] siya ay pumalakpak,At ang pamamaraan nito ay:Ang pagpalo ng isang kamay sa iba niyang kamay,sa kahit na anong pamamaraan,,at ang lahat ng mga ito ay pag-iwas sa mga [bagay] sa pagdarasal na hindi kabilang rito mula sa mga pananalita,sapagkat ito kalagayan na pananalangin sa Allah,Napakamaluwalhati Niya at Pagkataas-taas Niya,At nang hindi ipinahintulot sa [oras ng]pangangailangan ang pagsasalita,Ipinahintulot naman ang siyang kahalintulad ng pagsasalita sa pagdarasal at ito ang Pagluluwalhati [Sa Allah].

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10652